Australian Government
Services Australia

TAGALOG

# Child Dental Benefits Schedule (Iskedyul ng Mga Dental na Benepisyo ng Bata)

Ang Child Dental Benefits Schedule (CDBS) ay sumasaklaw sa bahagi o buong gastos ng ilang pangunahing mga dental na serbisyo para sa mga bata at mga tinedyer na may edad 0 hanggang 17.

## Pagiging Karapat-dapat

Makakatanggap ka ng sulat upang kumpirmahin kung karapat-dapat ang iyong anak para sa CDBS.
Tinatasa ang pagiging karapat-dapat sa simula ng bawat taon ng kalendaryo at may bisa para sa buong taon.

Ang bata ay karapat-dapat kung:

- sila ay edad 0–17 taon nang hindi kukulangin sa 1 araw ng taon ng kalendaryo
- karapat-dapat para sa Medicare, at
- nakakakuha ng karapat-dapat na bayad mula sa amin nang hindi kukulangin sa isang beses kada taon, o may magulang na kumukuha ng bayad mula sa amin nang hindi kukulangin sa isang beses bawat taon.

**Mga uri ng bayad**

| Tagatanggap ng bayad | Tumatanggap |
|---|---|
| Magulang, tagapag-aruga, o tagapangalaga ng bata | • Family Tax Benefit Part A<br>• Parenting Payment o Double Orphan Pension<br>• ABSTUDY<br>• Family Tax Benefit Part A<br>• Carer Payment<br>• Disability Support Pension<br>• Parenting Payment<br>• Special Benefit |
| Bata o tinedyer | • Youth Allowance<br>• Mga allowance sa edukasyon ng Department of Veterans' Affairs sa ilalim ng:<br>o Veterans' Children Education Scheme (kung edad 16-17)<br>o Military Rehabilitation at Compensation Act Education at Training Scheme (kung edad 16-17) |
| Kapartner ng tinedyer | • Family Tax Benefit Part A, o<br>• Parenting Payment |

## Mga benepisyong makukuha sa ilalim ng Child Dental Benefits Schedule

Maaari kang mag-claim ng hanggang sa $1026 sa loob ng 2 magkasunod na mga taon ng kalendaryo para sa bawat karapat-dapat na anak. Magsisimula ang 2-taong cap period kapag ang isang bata ay unang nakakuha ng isang karapat-dapat na dental na serbisyo.

Kapag hindi nagamit ng bata ang lahat ng kanyang $1026 sa unang taon, maaari niyang gamitin ang natitirang halaga sa ikalawang taon kung karapat-dapat pa rin siya. Kung hindi mo nagamit ang buong halaga sa loob ng 2 taon ng kalendaryo, hindi mo maaaring gamitin ang natitirang pondo. Kailangan mong maghintay ng bagong 2 taon na panahon ng pagsaklaw upang magsimula.

Hindi mo rin maaaring gamitin ang anumang natitirang pondo kapag hindi na karapat-dapat ang iyong anak.

Ang mga benepisyo ay sumasaklaw ng isang hanay ng mga serbisyo na kinabibilangan ng mga eksaminasyon, X-ray, paglilinis, fissure filling, mga pasta, mga root canal at pagbubunot ng ngipin.

Hindi magagamit ang mga benepisyo para sa orthodontic o kosmetikong dental na pamamaraan at hindi maipambabayad para sa anumang mga serbisyo na ibinibigay sa isang ospital.

Ang mga serbisyo ng CDBS ay hindi kukuwentahin patungo sa mga threshold ng Medicare Safety Net o ng Extended Medicare Safety Net.

## Proseso para sa paggamit ng Child Dental Benefits Schedule

Maaari mong kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak at ang balanseng halaga gamit ang iyong online account ng Medicare sa **my.gov.au** o sa pagtawag sa linya para sa mga pangkalahatang katanungan hinggil sa Medicare sa **132 011**.

Gumawa ng appointment sa pribado o pampublikong tagapagbigay ng dental na serbisyo at ipaalam sa kanila na karapat-dapat ka para sa CDBS. Sa oras ng appointment, dapat talakayin sa iyo ng dentista ang paggamot ng iyong anak at anumang kaugnay na gastos bago siya magbibigay ng mga serbisyo. Pagkatapos nito kailangan mong pumirma ng form ng pahintulot.

Kapag naibigay na ng dentista ang mga serbisyo, bibigyan ka niya ng bulk bill o sisingilin ka para sa mga serbisyo.

## Pag-claim ng mga benepisyo sa ilalim ng Child Dental Benefits Schedule

Kung magba-bulk bill ang iyong dentista, hindi mo kailangang magsumite ng isang claim.

Kung hindi magba-bulk bill ang iyong dentista, kailangan mong bayaran ang account at i-claim ang iyong benepisyo mula sa amin.

Maaari mong isumite ang isang claim:

- sa elektronikong paraan sa dental na operasyon, kung nag-aalok ang iyong dentista ng elektronikong pag-claim
- gamit ang Express Plus Medicare na mobile app
- gamit ang iyong Medicare na online account sa pamamagitan ng myGov
- sa pamamagitan ng pag-download ng Medicare claim form at pagpapadala nito sa koreo sa address na nasa form
- personal na pagbisita sa isang service center.

Hindi ka makakapag-claim ng benepisyo sa ilalim ng CDBS at mula sa isang pribadong tagapagseguro ng kalusugan para sa parehong dental na serbisyo.

## Suriin o i-update ang iyong mga detalye para sa Child Dental Benefits Schedule

Ang pagiging karapat-dapat ay batay sa mga detalye na hinahawakan ng Centrelink at ng Department of Veterans' Affairs.

Kung nagbago ang iyong sitwasyon, kailangan mong i-update ang mga detalye ng iyong pamilya:

- sa pamamagitan ng iyong Centrelink na online account sa **my.gov.au**
- sa pamamagitan ng pagtawag sa Department of Veterans' Affairs sa **133 254**.

Maaari mong i-update ang mga detalye ng iyong bank account sa Medicare gamit ang iyong Medicare na online account sa pamamagitan ng myGov.

## Para sa karagdagang impormasyon

- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/childdental** para sa karagdagang impormasyon sa Ingles
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** kung saan mababasa, maririnig o mapapanood mo ang impormasyon sa iyong wika
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/forms** para sa listahan ng aming mga form sa Ingles
- tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink
- tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa Medicare at mga kabayaran at serbisyo sa Child Support

Tandaan: ang mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay patungo sa mga numerong '13' mula sa kahit saan sa Australya ay sisingilin sa isang nakatakdang rate. Maaaring mag-iba ang rate na iyon kung ikumpara sa presyo ng isang lokal na tawag at maaaring mag-iba din sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa telepono. Ang mga tawag sa mga numerong '1800' mula sa iyong telepono sa bahay ay libre. Ang mga tawag mula sa mga pampubliko at mga cell phone ay maaaring bibilangan ng oras at sisingilin sa mas mataas na rate.

## Pagtatatuwa

Ang impormasyong nakapaloob sa publikasyong ito ay inilaan lamang bilang gabay sa mga pagbabayad at serbisyo.

Responsibilidad mo ang magpasiya kung nais mong mag-aplay para sa isang pagbabayad at gumawa ng aplikasyon, alinsunod sa iyong mga partikular na sitwasyon.

# Child Dental Benefits Schedule

The Child Dental Benefits Schedule (CDBS) covers part or the full cost of some basic dental services for children and teenagers aged 0 to 17.

## Eligibility

You will get a letter to confirm if your child is eligible for the CDBS.
Eligibility is assessed at the start of each calendar year and is valid for the whole year.

A child is eligible if:

- they are aged 0–17 years for at least 1 day of the calendar year
- eligible for Medicare, and
- getting an eligible payment from us at least once a year, or have a parent getting a payment from us at least once a year.

**Types of payments**

| Payment recipient | Receives |
|---|---|
| Child's parent, carer, or guardian | • Family Tax Benefit Part A<br>• Parenting Payment or Double Orphan Pension<br>• ABSTUDY<br>• Family Tax Benefit Part A<br>• Carer Payment<br>• Disability Support Pension<br>• Parenting Payment<br>• Special Benefit |
| Child or teenager | • Youth Allowance<br>• Department of Veterans' Affairs education allowances under the:<br>  o Veterans' Children Education Scheme (if aged 16-17)<br>  o Military Rehabilitation and Compensation Act Education and Training Scheme (if aged 16-17) |
| Teenager's partner | • Family Tax Benefit Part A, or<br>• Parenting Payment |

## Benefits available under the Child Dental Benefits Schedule

You can claim up to $1026 over 2 consecutive calendar years for each eligible child. The 2-year cap period starts when a child first gets an eligible dental service.

If a child does not use all of their $1026 in the first year, they can use the remaining amount in the second year if they are still eligible. If you do not use the full amount within

the 2 calendar years, you can not use the remaining funds. You will have to wait for a new 2 year cover period to start.

You also will not be able to use any remaining funds once your child is no longer eligible.

Benefits cover a range of services including examinations, X-rays, cleaning, fissure sealing, fillings, root canals and extractions.

Benefits are not available for orthodontic or cosmetic dental work and can not be paid for any services provided in a hospital.

CDBS services won't count towards the Medicare Safety Net or the Extended Medicare Safety Net thresholds.

## Process for using the Child Dental Benefits Schedule

You can confirm your child's eligibility and balance amount using your Medicare online account at **my.gov.au** or calling the Medicare general enquiries line on **132 011**.

Make an appointment with a private or public dental provider and let them know you're eligible for the CDBS. At the time of the appointment, the dentist must discuss your child's treatment and any related costs with you before providing the services. After this you need to sign a consent form.

When the dentist has provided the services, they will bulk bill you or charge you for the services.

## Claiming benefits under the Child Dental Benefits Schedule

If your dentist bulk bills, you don't need to submit a claim.

If your dentist doesn't bulk bill, you need to pay the account and claim your benefit from us.

You can submit a claim:

- electronically at the dental surgery, if your dentist offers electronic claiming
- using the Express Plus Medicare mobile app
- using your Medicare online account through myGov
- by downloading the Medicare claim form and posting it to the address on the form
- in person at a service centre.

You can not claim a benefit under the CDBS and from a private health insurer for the same dental service.

## Check or update your details for the Child Dental Benefits Schedule

Eligibility is based on details held by Centrelink and the Department of Veterans' Affairs.

If your circumstances change, you need to update your family details:

- through your Centrelink online account at **my.gov.au**
- by calling the Department of Veterans' Affairs on **133 254.**

You can update your bank account details with Medicare using your Medicare online account through myGov.

## For more information

- go to **servicesaustralia.gov.au/childdental** for more information in English
- go to **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** where you can read, listen to or watch information in your language
- go to **servicesaustralia.gov.au/forms** for a list of our forms in English
- call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services
- call the Translating and Interpreting Service (TIS National) on **131 450** to speak with us in your language about Medicare and Child Support payments and services

Note: calls from your home phone to '13' numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

## Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services.

It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application, with regard to your particular circumstances.